



Taong 2024 (Reiwa 6)

Impormasyon ukol sa Year-end Adjustments

Nilikha mula sa pamphlet ng National Tax Agency [Paraan ng Year-end Adjustments sa taong 2024 (Reiwa 6)]

Ano ang Year-end Adjustments ?

Ang empleyadong buwanan(arawan) sumusuweldo ay kinokolektahan ng income tax kada sweldo. Ang nakolektang tax para sa 1 taong kabuuang halaga ay normal lamang na hindi tugma sa kabuuang halaga ng tax para sa buong taon na dapat bayaran ng empleyado o taong may kita o sweldo.

Upang maresolba ito, kakalkulahin ang buong halaga ng kita at tax nito na kung saan matutukoy kung may kakulangan o sobrang binayaranang tax sa loob ng 1 taon na maaaring ma refund.

At ang pagkalkulasyong ito ay ang tinatawag na [Year-end Adjustments].

Para sa mga empleyado na ang kompanyang pinagtatrabahuhan ang nag proseso ng year-end adjustments ay hindi na kailangang mag proseso ng Final tax return kaya napaka halaga ang pag proseso ng Year-end adjustments.



Sino ang mga saklaw ng Year-end Adjustments ?

Ang Year-end adjustments ay karaniwan na para sa mga taong may kita na nag a aplay ng eksemasyon para sa kanilang mga dependents at iba pang eksemasyon. May eksepsyon rin na hindi magiging saklaw ng year-end adjustments. Nakasaad sa ibaba ang mga halimbawa ng mga saklaw at hindi saklaw ng year-end adjustments

Taong saklaw ng year-end adjustments (Halimbawa)

Mga angkop sa mga sumusunod

1. Nagtrabaho sa loob ng 1 taon.
2. Sa kalagitnaan ng taon ay nadestino sa ibang bansa at hindi na nakatira sa loob ng bansa.
3. Sa kalagitnaan ng taon ay nakakuha ng trabaho, na nagtrabaho hanggang sa katapusan ng taon.
4. Mga sumusunod na tao na tumigil sa trabaho sa kalagitnaan ng taon.
 - Tumigil sa trabaho dahil yumao.
 - Tumigil sa trabaho dahil sa kapansanan at mahihirapang kumuha uli ng trabaho sa bloob ng 1 taon.
 - Tumigil sa trabaho pagkatapos tanggapin ang sweldo sa kalagitnaan ng Disyembre.
 - Mga part timer na sumasahod ng 1,030,000 yen pababa sa 1 taon na tumigil sa trabaho.

Taong hindi saklaw ng year-end adjustments (Halimbawa)


Mga angkop sa mga sumusunod

1. Ilan sa mga “taong saklaw ng year-end adjustments” na ang kita sa loob ng 1 taon ay lalagpas sa 20,000,000 yen
2. Tumatanggap ng sweldo mula sa higit na 2 kompanya na “nag a aplay ng ng eksemasyon para sa kanilang dependents” sa isa sa mga kompanyang pinagtatrabahuhan na hindi nag aplay ng eksemasyon para sa kanilang dependents hanggang sa araw ng kalkulasyon ng Year-end adjustments.
3. Tumigil sa trabaho sa kalagitnaan ng taon na “isang taong saklaw ng Year-end adjustments” na hindi angkop sa (4)
4. Hindi residente
5. Hindi nakakapagtrabaho nang tuloy-tuloy, o mga arawan na trabahador.

Paalaala : Ang mga taong hindi saklaw ng Year-end adjustments ay nararapat na mag deklarang Final Tax return upang makalkula ang halaga ng kanilang tax.

Kailan simulang isinasagawa ang Year-end adjustments ?

Ito ay isinagawa sa huling buwan ng taon na tumanggap ng sweldo, sinisimulan ito sa buwan ng Nobyembre at karaniwang isinasagawa sa buwan ng Disyembre. Para sa mga hindi pa nagsasagawa ng year-end adjustments, mangyaring atin po itong alamin.



Ano ang mga kailangan para sa Year-end adjustments ?

Kinakailangan ang mga dokumento para sa eksemsyon para sa mga dependents, single parent, private insurance at iba pa. Para sa mga impormasyon ukol sa deklarasyon na nasa maraming wika, mangyaring alamin sa homepage ng National Tax Agency.



Iba't ibang uri ng deklarasyon (eksemsyon para sa mga dependents at iba pa)

<https://www.nta.go.jp/users/gensen/nencho/shinkokusyo/gaikokugo.htm>

Wika : Ingles, Tsina, Portuguese, Kastila, Biyetnam, Ukrainian



May eksemsyon para sa mga dependents bagamat ang kanilang dependents ay hindi residente.

<https://www.nta.go.jp/publication/pamph/gensen/gaikokugo/02.htm>

Wika : Hapon, Ingles, Tsina, Portuguese, Kastila, Biyetnam, Tagalog, Ukrainian



Deklarasyon para sa Fixed tax reduction

https://www.nta.go.jp/taxes/tetsuzuki/shinsei/annai/gensen/teigaku/sinkokushorei_gaikokugo.htm

Wika : Ingles, Tsina, Portuguese, Kastila, Biyetnam, Tagalog, Ukrainian



Pangkalahatang ideya ukol sa sistema ng Withholding Tax slip sa Japan

<https://www.nta.go.jp/publication/pamph/gensen/gaikokugo/07.htm>

Wika : Hapon, Ingles, Tsina, Portuguese, Kastila, Biyetnam, Tagalog



Impormasyon ukol sa Income tax convention

Kung may binabayaranang tax sa sariling bansa at sa Japan, sa pag sumite ng “Report ukol sa Income tax convention” ay maaaring makatanggap ng eksemsyon sa pagbabayad ng Income tax at iba pa. Kung naging exempted sa pagbabayad ng income tax at iba pa, hindi na kailangang magsagawa ng Year-end adjustments.

Dahilan ng hindi pagsumite nito at nagkaroon ng babayaranang income tax, magsumite ng “Report ukol sa Income tax convention” at “Dokumento para ma refund ang halaga ng withholding tax (format11)” na kung saan ang nagpapasuweldo ang mag sumite sa tax office para makatanggap ng refund sa income tax at iba pa.

